# “Paaralan ko sa Bahay, Guro ko si Nanay, Kaklase ko si Bantay, Boring nga ba ang Buhay?”

(Isang Pananaliksik Tungkol sa Homeschooling)

*BAJAR, Regina Beatriz, BALANON, Mary Angeli, BALERITE, Fatima Sara, BERNARDO, Stefan Ellise, MERCADO, Hanie Jill mula sa klase ng 1-9 UST Kolehiyo ng Nursing, T.A. 08-09. Sa patnubay ni Prop. Zendel M. Taruc, M.Ed.*

**Layunin**

Ang mga sumusunod ay nais maiparating ng mga mananaliksik sa mga mambabasa sa pamamagitan ng pananaliksik na papel na ito:

1. Maipaliwanag sa mga mambabasa ang tunay na dahilan ng pagkakaroon ng homeschooling.
2. Maibigay ang iba’t ibang epekto sa isang indibidwal na nagho-homeschool.
3. Mailahad ang mga dahilan kung bakit may mga tumatangkilik sa Homeschooling.
4. Maipakita sa mambabasa ang iba’t ibang paraan ng pagho-homeschool.
5. Maliwanagan ang mga mambabasa na ang Homeschool ay hindi para lamang sa may mga kapansanan.

**Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura**

**Ano ang Homeschooling o Homeschool?**

- Ito ay isang uri ng edukasyon ng mga bata na ginugugol sa kanilang tahanan sa tulong ng pagtuturo ng kanilang mga magulang, tagapangalaga o isang propesyunal na taga- pagturo. (wikipedia.org)
- Ito rin ay pagtuturo sa tahanan ng isang estudyante sa ilalim o sa superbisyon ng pangunahing paaralan na tumatanggap ng Homeschooling sa kanilang kurikulum. (manilastandardtoday.com)

**Paano nagsimula ang Homeschooling?**

- **Mula sa ibang bansa**

  Ang pormal na edukasyon ay nagsimula noong late 17th century at early 18th century sa German states ng Gotha, Calemberg at sa Prussia. Subalit noong 1964, sumulat si John Caldwell Holt ng libro na pinamagatang “How Children Fail” kung saan pinuna niya ang mga hindi magagandang bagay na naidudulot ng tradisyunal na edukasyon o pagpasok sa paaralan. Ang libro na ito ay nakabase sa kanyang teorya bilang isang guro- na ang pagbagsak o pagkabigo ng estudyante sa paaralan ay dahil sa pressure na ibinibigay sa mga estudyate mula sa kanilang paaralan o guro. At ito ang naging simula sa pagsulong niya ng hindi pagsang-ayon sa regular na schooling.

  Sa parehong taon, ang mga gurong Amerikano na sina Raymond at Dorothy Moore ang siyang nagbahagi naman ng kanilang saloobin na ang pormal na edukasyon ay nakasisira sa mga bata sa antas ng kanilang karunungan,

pakikipagkapwa tao, pag-iisip, paniniwala at pagkilos. At upang mapigilan ang mga iyon tinalaga nila ang sinaunang “all-out-home care” para sa mga bata lalo na sa mga batang kailangan ng espesyal na atensyon at paggabay sa kanilang pagaaral.

At noong 1977 sa pagtutulungan nila Holt at Moores ay unang nagkaroon ng ideya ang mga tao sa Homeshooling at pormal na tinanggap noong taong 1980’s. (wikipedia.org)

- **Mula sa Pilipinas**

  Ang Homeschool ay orihinal na nagmula sa ibang bansa ngunit sa pagdaan ng panahon natutuhan ng ilan nating mga kababayan na gawing posible na rin sa ating bansa ang ganitong sistema ng pag-aaral. [3] Ito ay nakasaad sa ating konstitusyon bilang *.."The 1987 Philippine Constitution Article 14,section 2 (which) provides that the State shall encourage non-formal, informal and indigenous learning system, as well as self-learning independent, and out-of-school study programmes particularly those that respond to community needs"*. (homeschoolblogger.com) Samantala, *ayon kay Angelita de los Reyes, punong guro ng elementary and high school levels, nagsimula ang Homeschooling noong taong 2002*. Nauna itong ipinatupad sa mga high school na estudyante sapagkat karamihan ng mga estudyante ay nagtatanong kung maaari ba silang hindi pumasok sa paaaralan ng regular, sa kadahilanan ng marami na mayroon silang sakit. Subalit ngayon ay tumatanggap na rin ang ibang eskwelahan ng mga estudyante mula pre-school hanggang college students (Asuncion, 2007). At ilan sa mga paaralan sa Pilipinas na mayroong Homeschooling program ay ang Catholic Filipino Academy (CFA), The Master's Academy (TMA), Living Heritage Academy (School of Tomorrow), Angelicum College, Colegio de San Juan de Letran, St. Mary’s Academy of Caloocan City, at Rizal Experimental Station at Pilot School of Cottage Industries ay mayroong programa ng Homeschooling na kilala sa tawag na Balik Paaralan.

**Gaano nga ba karami ang tumtangkilik sa Homeschooling?**

- **Sa ibang bansa**

  Sa Stados Unidos kung saan legal sa 50 lugar mula roon ang Homeschooling, meron itong napagtalaan noong 2001 na humigit kumulang 1.2 milyon sa 1.7 milyon na mga bata ang tinuturaan sa kanilang tahanan ng kanilang mga magulang. At kahit tatlo hanggang apat na porsyento lamang ang nakuhang bilang mula sa populasyon ng mga estudyante sa nasabing bansa, napatunayan pa rin na ang bilang ng mga tumatangkilik sa Homeschool ay lumalaki o dumarami taon-taon ng 15%. (inquirer.net)

- **Sa Pilipinas**

  Ang sensasyon ng Homeschooling ay naipatupad na sa Pilipinas ngunit walang opisyal na bilang kung gaano karaming estudyante ang tumatangkilik rito. At sa mga nakaraang taon, madaming eskwelahan at organisasyon na rin ang nagtatayo o bumubuo ng programang Homeschooling para sa mga magulang na

nais maging responsable sa pagkatuto ng kanilang mga anak at para sa mga nais mag-aral sa kanilang tahanan. (inquirer.net)

## Paglalahad at Pagsusuri ng Sariling Pag-aaral

### Metodolohiya

Ang mga mananaliksik ay nangalap ng mga datos sa pamamagitan ng pagsasagawa ng panayam sa mga gurong kaugnay sa Homeschooling tulad ng mga taga-St. Mary's Academy Caloocan at Angelicum College at mga estudyante na dating naghomeschool. Nagkaroon din ng *"ambush interview"* sa ilang mag-aaral at magulang sa Unibersidad ng Santo Tomas para malaman ang kanilang mga sariling pananaw tungkol sa Homeschooling. Gumamit ang mga mananaliksik ng mga *camera, phone camera* at *voice recorder* upang eksaktong mairekord ang mga berbal at di-berbal na pahayag. Sa pamamaraang ito, naging matagumpay ang mga mananaliksik sa pangongolekta ng mga datos ukol sa Homeschooling.

### Presentasyon, Interpretasyon at Pagsusuri ng mga Datos

#### Dahilan sa Pagtangkilik ng Homeschool

- **Estado ng pamumuhay ng isang indibidwal**

*"Mayroon din kaming binuo na outreach program na home-study para sa mga batang taga-Palawan. Sila ang mga batang hindi matustusan ang pag-aaral ng kanilang mga magulang kaya paminsan- minsan ay binibisita namin sila upang turuan at nung nakaraan ay sila naman ang bumisita rito sa aming paaralan."* **- Bb. Grace Donadillo,** tagapag-ugnay ng Angelicum Community Extension Services**.**

- **Seguridad at Propesyon**

*"Highschool student ako noon ng makapasok ako sa isang reality T.V. show na Starstruck kaya nagdecide na lang ako na maghomeschool kaysa itigil ko ang aking pagaaral. Mahirap din kasi ang schedule namin dati at ng mga taping kaya hindi na ko makapasok sa school. Tamang- tama naman na may homeschooling program ang school kung saan ako nag-highschool ang St. Mary's Academy of Caloocan City. At naisip ko rin na minsan lang sa buhay ang magkaroon ng ganoong opportunity kaya hindi ko na pinalampas kahit alam ko na maaapektuhan ang aking pag-aaral."* **- Jelaine Santos**

- **Estadong sikolohikal o problema sa pakikisalamuha sa ibang tao**
  - **Nagkaroon ng "trauma" o isang pangyayaring nakaapekto sa kanyang pagkatao.**


*"Kaklase ko siya ngayong first year highschool. Hindi niya alam pero naikwento sa amin ng teacher namin na madalas siyang i-bully noong elementary at dahil dun natakot siyang makihalubilo sa iba kaya naghomeschool siya sa Angelicum."* **- Anonymous.**

  - **Problema sa conduct.**

*"Ang nangyari kasi, wala akong pokus sa pag-aaral, kung kaya't napaalis ako sa aking pinapasukang paaralan na Lourdes. Ayaw ng mga magulang ko na ako'y huminto ng pag-aaral kaya ipinasok nila ako sa Angelicum Home study program. Nagpatuloy ako ng pag-aaral nang*

*hindi naapektuhan ang nakagawian ko bilang isang indibidwal. Ngayon ako ay nasa Unibersidad ng Santo Tomas, kumukuha ng kursong Nutrition and Dietetics."* **- Carl Blanco.**

**Sistema ng Homeschool (Angelicum College) V.S. Regular na Paaralan**




Ang *Home Study Program* o *HSP* ng Angelicum College ay tumatanggap ng mga mag-aaral na may interes sa pag-aaral at gustong matuto ngunit hindi kayang pumasok sa regular na paaralan. Naangkop ang programang ito mula sa nursery hanggang sa ikaapat na taon ng mataas na paaralan. Kasama sa mga tumatangkilik sa programang ito ay ang mga determinadong magtapos sa ikalawang antas ngunit hindi nila kayang pumasok araw-araw tulad ng mga nasa pangkaraniwang programa.

*"Iba ang sistema ng Kolehiyo ng Angelicum pagdating sa pagbibigay ng marka sa aming mga estudyante. Wala kaming "grading system" na di tulad ng ibang regular na paaralan sa Pilipinas. Naniniwala kasi kami na nasa mag-aaral ang desisyon kung paano at gaano siya matututo. Sa paarang ito, nabibigyang respeto ang kakayahan ng bawat mag-aaral. Nakadepende sa mag-aaral ang kung paano niya ito i-approach kung kaya't hindi ang bata ang makikisama sa eskwelahan kung hindi kami, ang eskwelahan ang makiki-angkop sa bata,"*

**- Bb. Grace Donadillo**

**Epekto ng Homeschooling**

- **Kalidad ng Edukasyon**

*"Oo naman, pareho ang kalidad ng edukasyon ng homeschooling sa regular na paaralan. Kapag ang eskwelahan may kalidad, yun na yon. Yun yung quality of education na binibigay ng school kapag maintained niya yun, regardless of what kind of system. Walang masama, hindi pangit, at hindi mo rin masasabi na walang kontribusyon sa parte ng bata. Actually, ang system ay depende sa pagtanggap ng isang mag-aaral. Minsan, kahit gaano pa kaganda ang eskwelahan pero kung ang bata ay hindi interesado mag-aral, useless din. Ngunit kung ang bata ay nasa ganito lamang na paaralan at mahirap lang pero kung interesado at nag-eexplore siya, merong enthusiasm at sense of responsibility, mataas ang motivation para matuto dahil mataas ang expectation niya sa kanyang sarili, at mayroon siyang dreams, those are the only factors na makakapag-contribute sa kanya para maging successful. So, regardless of regular or homestudy, nasa bata talaga yun."* - **Bb. Grace Donadillo**

- **Pagpapalawak ng Kaalaman**

Ang Homeschooling ay gumagamit ng iba't ibang salik sa pagpapalawak ng kaalaman tulad sa regular na paaralan dumadaan din sila sa mga tests, quizzes, takda at iba pa.

Ngunit sa Homeschool, gumagamit ng *"module"* ang mga mag-aaral upang maturuan ang kanilang mga sarili. Ang ganitong paraan ng pagkakatuto ay nagiging daan upang maging mas masigasig, maparaan, mapanuri at disiplinado ang mga kabataang tumatangkilik dito.

*"kung hindi kaya tapusin ng mag-aaral ang nabigyang gawain sa kanya, pipilitin ng guro na tulungan ang bata hanggang sa kaya na nitong mag-isa ang gawain. At ang bata mismo ang pipili ng mga nais niyang tapusin kung kaya't makikita rito ang pagbigay ng programa sa mga mag-aaral ang kalayaan upang makapili ng kanyang aaralin."* - **Bb. Grace Donadillo.**

Dahil sa Mastery Level Learning, natututukan nang mabuti ng mga estudyante ang kanilang mga aralin. Hindi sila maaaring kumuha ng panibagong aralin kung hindi nila maaabot ang "mastery level".

- **Sa pag-unlad ng pagkatao ng estudyante**

*"Dahil sa non-graded system kami, nakabatay sa aming mga guro kung paano nila lalapitan ang bata. Mayroon kaming tinatawag na "self-pace" na kung saan iba-iba ang bilis ng pagkatuto ng mag-aaral mula sa kanyang guro. At mahalagang huwag bigyan ng initiative push o pagpilitang pagtulak sa bata upang matuto."* - **Bb. Grace Donadillo**

Naniniwala rin ang mga guro sa Homeschooling na ang pagpapalawak ng karanasan at pagpapayabong ng kaalaman ng isang estudyante ay mas nakakamit sa labas ng bahay, sa iba't ibang taong nakakasalamuha at sa araw araw na ginagawa.

Ayon kay Bb. Grace Donadillo mas nagkakaroon ng malalim na pang-unawa ang isang estudyante sa mga nakikita niya sa labas ng silid-aralan. Mas natututo ang mga bata sa pakikisalamuha hindi lang sa kanyang mga ka-edad kung hindi pati na rin sa mga mas bata at mas

matanda sa kanya, nagiging bukas ang kaisipan at nahahasa pa ito sa tulong ng iba't ibang tao at mga karanasan na kani-kanilang pinagdadaanan.

- **Mga Pasilidad**

  Ang pinakamahalagang parte sa homeschooling ay ang mga *"module"* na ginagamit upang malinang at malaman ang kakayahan ng mga mag-aaral. Ang module ay inihahanda ng mga guro, ito ay naglalaman ng mga paksa na dapat matutunan ng mga estudyante sa naturang antas. Dito ipinaliliwanag nang malinaw sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga *"written lesso*n" ang mga formula na kailangan upang makamit ang dapat na matutunan sa isang paksa. Kung sa *"Actual Schooling"* ang ginagamit ay chalk at blackboard at ang guro ay nagtuturo sa harapan ng mga estudyante at personal na nagagabayan ang mga bata, sa Homeschooling naman ay tanging sa *"module"* lamang nakadepende ang pagkatuto ng bata sa mga paksa.

*"Kung kelan nila naisin, pumupunta rito ang mga estudyante namin na naghohomeshool upang i-submit ang kanilang mga sinagutan o gawa. Minsan ay nagtitipon-tipon din sa isang room ang lahat ng mga nag-hohomeschool upang makilala ang isa't-isa at magkaroon ng simpleng interaksyon sa pagitan nila at ng kanilang tagapagturo."* **- Bb. Grace Donadillo.**

At ilan sa mga kailangan upang umakyat sa susunod na baitang ay ang *assessment o mastery test,* dito rin malalaman kung epektibo ang naging pag-aaral ng bata, nagaganap ang pagsusulit sa gabay ng mga gurong namamahala sa Homeschooling.

**Konklusyon**

Maraming nag-aakala na ang homeschooling ay sadya lamang para sa mga mag-aaral na bumagsak o nag"drop-out", mga mayroong malubhang sakit o karamdaman at mga indibidwal na gustong mag-aral ngunit walang sapat na panahong mailalaan dahil sa propesyon katulad ng pagaartista. Taliwas naman ito sa aming mga nakalap na datos. Ang Homeschooling ay para sa lahat. Ito ay isang uri ng edukasyon na gumagamit ng sistemang iba sa nakagawiang pagtuturo. Ang kalidad ng edukasyong ibinibigay nito ay kaparehas lamang ng sa isang aktwal na paaralan. Ngunit, ang Homeschooling ay nakatuon sa paraan kung papaano makakamit ng isang indibidwal ang layuning itinakda ng isang paaralan. Samantalang ang isang aktwal na paaralan ay nakatutok lamang sa batayang idineklara at sa mga markang nakukuha ng isang estudyante. Samakatuwid, ang kalidad ng edukasyon ay nakasalalay parin sa sariling pagsisikap at kagustuhan ng isang estudyante.

**Rekomendasyon**

Nais iparating nang aming grupo na kung ang isang magulang ay nagbabalak na ipasok ang kanyang anak sa isang Homeschool o Home-study program, kinakailangan munang suriing mabuti ang pagkatao ng kanyang anak. Kung siya ay walang gana sa pag-aaral, masasabi naming mahihirapan siya sa paghohomeschool dahil ang kauna-unahang kinakailangan dito ay disiplina sa sarili. Ngunit dahil sa sistema ng homeschooling, matututo siyang magsikap, maging maparaan at maging masuri. Kung kaya't, hindi lamang ang aspetong intelektwal ng isang mag-aral ang nalilinang kung hindi pati na rin ang kanyang pag-uugali. At sa kabilang banda, ang kabataang may sapat na abilidad ay naaangkop din sa programang ito.

**Sanggunian**


http://newsinfo.inquirer.net/inquirerheadlines/nation/view/20081121-173501/Home-schooling-in-maids-out
http://www.mb.com.ph/issues/2006/10/27/MOMS2006102778237.html
http://catholicfilipinoacademy.com/cfa/10principles.php
http://www.ourawesomeplanet.com/awesome/2008/11/ilovehomeschool.html
http://en.wikipedia.org/wiki/Homeschooling
http://www.manilastandardtoday.com/?page=connieVeneracion_nov16_2006
http://www.homeschoolblogger.com/10gal/592098/
http://services.inquirer.net/print/print.php?article_id=80625
http://images.google.com.ph/images?hl=tl&um=1&q=jelaine+santos
http://images.google.com.ph/images?hl=tl&um=1&q=angelicum+college
http://images.google.com.ph/images?hl=tl&um=1&q=Living+Heritage+Academy+
http://images.google.com.ph/images?hl=tl&q=Catholic+Filipino+Academy+&gbv=2
http://images.google.com.ph/images?hl=tl&q=The%20Master's%20Academy%20&um=1&ie=UTF-8&sa=N&tab=wi
http://images.google.com.ph/images?hl=tl&um=1&ei=NbS3SYTiLsOukAWoq93hCQ&sa=X&oi=spell&resnum=0&ct=result&cd=1&q=st.+mary%27s+academy+caloocan&spell=1